# Modyul 5
# Liham-Paanyaya sa Isang Panauhing Tagapanayam



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Binabati kita sa mga araling iyong natalakay. Ang pag-aaralan mo ngayon ay isang pangwakas na gawain ng kabuuan ng mga araling iyong pinag-aralan. Tiyak na magiging kawili-wili ito para sa iyo sapagkat nauukol ito sa pagliham sa isang taong nais anyayahan upang maging tagapanayam.

Madalas tayong mag-anyaya sa mga taong kakilala o kaibigan natin kung may mga pagtitipon o pagdiriwang na nagaganap gaya ng kaarawan, anibersaryo, pagtatapos, kasalan, binyagan, pista, at kahit na pasyam o babang-luksa. Ugali na ng mga Pilipino ang maghanda hindi ba? Kahit di-gaanong marangya ang mahalaga'y may napagsasaluhan ang lahat.

Dumarating ang pagkakataong sadyang di-inaasahan at maiiwasan na mag-anyaya ng mga taong magbabahagi ng kanilang sariling kaalaman, pananaw at karanasan tungkol sa isang paksang nakapagpapayabong ng kaisipan at nagsisislbing inspirasyon ng mga tagapakinig.


Naranasan mo na bang makapakinig ng isang panayam? Natatandaan mo pa ba ang mga paksang tinalakay at mga kaalamang iyong natutunan?

Kung nagsilbi kang tagapakinig noon, subukin mo namang maging tagapag-anyaya ng panauhing tagapagsalita ngayon?

Magagawa mo ba? Madali lang. Tutulungan ka ng mga araling inihanda ko para sa iyo.

## Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa pagsulat ng isang liham paanyaya para sa isang panauhing tagapanayam



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gabay sa pansariling pagkatutuo ang modyul na ito. Gamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong paggamit kailangang maging malinaw sa iyo ang mga nararapat gawin. Huwag kang mag-alala, sundin mo ang mga sumusunod:

1. Sagutin mo ang panimulang pagsusulit,ang bahaging Ano na ba ang alam mo. Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.


2. Iwasto mo ang iyong sagot. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

3. Pag-aralan mo na ang paksang aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo ang mga dapat gawin.

4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit, o ang bahaging Gaano ka na kahusay. Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi.

5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito. Sagutan nang mabuti. Huwag mong susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya ay notbuk.

6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.



## *Anu-ano na ba ang alam mo?*

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang nitong masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon. Lagyan ng kaukulang bantas ang mga patlang at iwasto ang mga baybay ng mga may salungguhit.

| |
|---|
| Umaasa po kaming hindi ninyo bibiguin ang aming paanyaya. |

| |
|---|
| Jesus A. Alegre<br>Pangulo___ Diwa at Panitik |

| |
|---|
| Nais po sana naming kayong anyayahan bilang panauhing tagapagsalita. |

| |
|---|
| Magsasagawa po ng seminar ang kapisanan ng <u>diwa at panitik</u> bilang paggunita sa pagdiriwang ng <u>buwan ng wika</u> |

| |
|---|
| Batid po namin ang inyong kasanayan at kaalaman sa nabanggit na <u>pak-sa</u> |

| |
|---|
| Ang tema po ng nabanggit na seminar ay "Wikang Filipino,Paunlarin, Wikang Ingles, Pagbutihin at wikang Vernacular, Pagyamanin.___ |

| |
|---|
| Gaganapin po ang nasabing Gawain sa Agosto 20__ 2004 sa bulwagan ng G.Perfecto High School sa ganap na ika__8:00-4:00 ng hapon. |

| |
|---|
| Inaasahan po namin ang maaga ninyong pagtugon sa aming paanyaya. |

| |
|---|
| Agosto 10__ 2004 |

Lubos na gumagalang at nagpapasalamat ___


Dr. Fely Castillo
Professor___Dept. of Graduate Studies
Manuel L. Quezon University
Nidalgo ___ Quiapo ___ Manila

Mahal na Dr. Castillo ___

Iwasto mo ang iyong sagot. Tutulungan ka ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Naging madali ba para sa iyo ang pagsubok. Kung gayon, may alam ka na pala sa pag-uugnay-ugnay ng mga kaisipan, paggamit ng mga wastong bantas, wastong baybay at bahagi ng isang liham-paanyaya. Binabati kita sa pagkakataong ito. Tutulungan na lamang kitang paunlarin at pagyamanin ito. Kung nahirapan ka naman sa pagsubok, matutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

# Aralin 1: Pag-uugnay at Paghahanay ng mga kaisipan




## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang modyul na ito. Inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nakabubuo ng isang mabisang pahayag sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay ng isang kaisipan sa kapwa kaisipan

2.. Nakapag-uugnay ng kaisipan sa tulong ng mga pangatnig

3. Natutukoy ang mga nilalamang kaisipan ng bawa't talata ng isang liham-paanyaya

4. Nakapaghahanay-hanay ng nagkakaugnay na kaisipan



## Anu-ano na ang tiyak na alam mo?

Nasubukan mo na bang makapanayam ng isang tao? Anu-anong paghahanda ang iyong ginawa?

Nakatala sa ibaba ang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pakikipanayam. Isulat ang simbolong _/_ kung ito'y mahalaga at _x_ kung hindi.

1. Pag-alam sa katungkulan ng taong aanyayahan.

2. Pag tiyak sa tanggapang pinaglilingkuran ng aanyayahan.

3. Paggamit ng magagalang na pananalita.

4. Pagdating nang maaga sa itinakdang oras ng panayam.

5. Pagtatanong sa aanyayahan ng regalong nais niya bilang kabayaran.

6. Pagtatakda ng petsa at oras na dapat sundin ng aanyayahan.

7. Pagpapasalamat matapos ang panayam.

8. Pagpapaubaya sa inanyayahan ng paksang nais niyang talakayin.

9. Pagpapaalala sa panauhin ng mga bagay na dapat niyang dalhin o kakailanganin sa panayam na isasagawa.

10. Paghingi ng pahintulot kung nais gumamit ng tape recorder sa taong kakapanayamin.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Sa pagbuo ng isang mabisang liham-paanyaya, dapat lamang na isaalang-alang ang pagkakaugnay-ugnay ng kaisipan upang magkaroon ng kaisahan ang nilalaman ng liham. Magiging magulo o magdudulot ng kalituhan para sa sinumang babasa ng paanyaya kung ang mensaheng ipinadala ay hindi tiyak at malinaw.

Alam mo ba ang dapat gawin upang maging mabisa ang isang liham-paanyaya?

Subukin mong sagutin ang gawaing ito.

Panuto: Isulat ang simbolong ☆ kung katanggap-tanggap at ○ kung di-katanggap-tanggap ang isinasaad na pahayag ng bawa't bilang.

1. Kailangang may kaisahan ang mga kaisipan.

2. Magkakasama ang mga magkakatulad na kaisipan sa bawa't talata ng liham.

3. Nararapat na maging malawak at maligoy ang pagpapahayag.

4. Ginamitan ng magagalang na pananalita ang mga pahayag.

5. Tiyak ang mga impormasyong binanggit sa liham.

Upang higit mo pang maunawaan ang ating aralin , isagawa mo ang mga sumusunod na gawain. Makatutulong ito sa higit mo pang pag-unawa. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong Gawain.

Gawain 1: Pag-uugnay ng mga Kaisipan

Panuto: Hanapin sa ibaba ang mga kaugnay na kaisipan ng mga sumusunod na bilang upang makabuo ang diwang nais nitong ipahayag.

1. Ang Kapisanan ng mga mag-aaral sa Filipino ng aming paaralan ay mag tataguyod ______________________________
______________________________________________________
______________________________________________________

2. Isasagawa po ang nasabing gawain ____________________
_____________________________________________________
_____________________________________________________

3. Batid po naming ang inyong kasanayan ________________
_____________________________________________________
_____________________________________________________

4. Sanhi po nito, ipinaaabot po namin sa inyo ang isang malugod _____________________________________________
_____________________________________________________
_____________________________________________________

5. Umaasa po kaming inyong pauunlakan _________________
_____________________________________________________
_____________________________________________________

| |
|---|
| ng isang konbokasyong pangwika bilang paggunita sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. |

| |
|---|
| At kahandaang talakayin ang nabanggit na paksa. |

| |
|---|
| Paanyaya at sana po ay matanggap naming ang isang maagang pagtugon mula sa inyong tanggapan. |

| |
|---|
| sa Agosto 28,2004 sa bulwagan ng aming paaralan sa ganap na ika-1:00 hanggang ika-4:00 ng hapon. |

| |
|---|
| Ang aming paanyayang kayo ay aming maging panauhing tagapanayam. |

Gawain 2 : Pag-uugnay ng Kaisipan sa Pamamagitan ng Pangatnig

Bago mo sagutin ang inihanda kong gawain, nais kong malaman mong isa rin sa paraan ng pag-uugnay ng kaisipan ang paggamit ng pangatnig.

Ano ba ang pangatnig?

Pangatnig ang tawag sa mga kataga o salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala o sugnay na pinagsusunud-sunod sa pangungusap. Halimbawa, sa pangungusap na:

1. Ang panayam ay nakapagpapalawak ng kaisipan at ang pagdalo nito ay isang kapaki-pakinabang na gawain.

Ang pangatnig na "at" ay nag-uugnay ng dalawang sugnay. Ang una ay ang panayam ay nakapagpapalawak ng kaisipan. Ang ikalawa ay ang pagdalo rito ay isang kapaki-pakinabang na gawain.

Mga halimbawa ng pangatnig:

| | | |
|---|---|---|
| at | kung | palibhasa |
| pati | nang | kung |
| gayon | saka | bago |
| sana | o | upang |
| bagaman | ni | kapag/pag |
| maging | dahil sa | ngunit |
| sapagkat | | |

Panuto: Piliin at isulat ang pangatnig na nasa loob ng kahon na angkop sa patlang upang mabuo ang kaisipan sa bawat pahayag.

1. Batid po naming ang lawak ng inyong kaalaman sa nasabing paksa _______ ay nais naming kayong anyayahang maging panauhing tagapanayam.

2. Sana po'y makatanggap kami ng maagang pagtugon _______ mapaghandaan naming mabuti ang pagsasagawa ng palatuntunan.

3. Tiyak na makatutulong nang malaki ang paksang inyong tatalakayin _______ makapagbigay ng pagkakataon para sa mga naghahangad na maging siyentipiko sa hinaharap.

4. Hinangaan naman ang inyong dedikasyon sa tungkulin _______ rin ang inyong paraan ng pakikitungo sa mga tauhang inyong nasasakupan.

5. Ngayon pa lamang ay lubus-lubos na ang aming kagalakan _______ batid naming hindi ninyo bibiguin ang aming paanyaya.

6. Higit na magiging masaya ang aming pagdiriwang _______ kayo'y makadadalo.

7. Kayo ang unang pumasok sa aking isipan _______ iatas sa akin ang pag-aanyaya sa panauhing tagapanayam.

Gawain 3: Pag-alam sa Bahagi ng Nilalaman ng Liham-paanyaya

Mahalagang malaman mo na ang bawat talata sa liham-paanyaya ay nahahati sa iba't ibang paksa.

Sa unang talata mababasa ang uri ng okasyon, gawaing isasagawa at pangalan ng samahang mangangasiwa sa isasagawang gawain.

Halimbawa:

Buwan ng Wika- okasyon
Palatuntunan, pagdiriwang- Gawain
Sangguniang kabataan, YMCA- samahan

Sa ikalawang talata nasasaad ang dahilan ng pag-aanyaya sa panauhin, paksa/tema, lugar at petsa ng pagsasagawa ng nasabing gawain.

Halimbawa:

DAHILAN:
Tagumpay na nakamit
Lawak ng karanasan
Katungkulang hinahawakan
Kaalaman sa paksa

TEMA:
Kapayapaan tungo sa kaunlaran
Kabataan, kabalikat ng bayan
Filipino, sa pagtatamo ng pambasang kaunlaran

POOK O LUGAR:
Manila Science High School
Gregorio Perfecto
Folk Arts Theatre

PETSA:

Agosto 20, 2004

ORAS:
Ika-10:00 ng umaga

Sa ikatlong talata naman nasasaad ang paghingi ng katugunan sa paanyayang ipinadala at kapakinabangang maaaring matamo sa panayam.

Halimbawa:

Sana'y mapaunlakan ninyo ang aming paanyaya.
Inaasahan naming hindi ninyo kami bibiguin.
Tiyak na magiging kapaki-pakinabang sa lahat ang mga kaalamang inyong ibabahagi.

Panuto: Isulat ang letrang A kung ang pahayag ay matatagppuan sa unang talata, B kung sa ikalawang talata at C kung sa ikatlong talata ng liham-paanyaya.

1. Magsasagawa po ng isang palatuntunan ang aming paaralan.

2. Nais po sana namin kayong anyayahang maging panauhing tagapanayam.

3. Sisimulan po ang palatuntunan sa ganap na ika-9:00 ng umaga.

4. Kung maaari po sana ay malaman namin agad ang inyong katugunan upang mapaghandaan ang nasabing palatuntunan.

5. Bilang pangulo ng FHP club, naatasan po ako ng aming tagapayo na mag-anyaya ng panauhing tagapanayam.

6. Batid ko pong napakalawak ng inyong kaalaman sa paksang ito.

7. Magiging kapaki-pakinabang po sa lahat ng mag-aaral ang mga kaalamang inyong ibabahagi.

8. Ang paksa po ng aming palatuntunan ay "Wastong Nutrisyon Tungo sa Malusog na Pangangatawan at Isipan."

9. Gaganapin po ito sa silid-aklatan ng aming paaralan.

10. Sa Hulyo 28, 2004 po idaraos ang nasabing gawain.

Gawain 4 : Paghahanay ng mga Kaisipan

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na pahayag upang makabuo ng isang maayos na talata.

1. Ang paksa po ng nabanggit na seminar workshop ay "Pagreresiklo ng mga Patapong Bagay."

2. Batid po naming makatutulong nang malaki sa tulad naming mag-aaral ang kaalamang inyong ibabahagi.

3. Gaganapin po ang seminar sa silid-panayaman ng aming paaralan sa ika-10 ng Oktubre 2004.

4. Kayo po ang napili naming maging tagapanayam dahil sa malawak at mahaba ninyong karanasan bilang kalihim ng Department of Science and Technology.

5. Magsisimula po ang gawain sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro**.**

**2. Lagumin mo…**

Subukin mo kung gaano ang iyong natutunan sa mga gawaing iyong isinagawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

A. Hanapin sa hanay B ang katugmang pahayag ng nasa hanay A upang mabuo ang kaisipang nais nitong ipahayag. Letra lamang ang isulat. Pagkatapos, isulat ang pangatnig na ginamit. (10 puntos)

Hanay A

1. Maglulunsad po ng liga ng
basketbol sa pamumuno ng
Samahang kabataan, kabalikat
Sa kaunlaran bilang paghahanda.

2. Nabalitaan po namin ang natatangi
ninyong galing at husay sa paglalaro
ng basketbol.

3. Isang palatuntunan po ang idaraos

4. Sa pamamagitan po ng inyong panayam ay mabibigyan ninyo ang lahat .ng mga gabay.

5. Magsisilbi itong inspirasyon sa mga manlalaro.

Hanay B

A. Kung paano pang malilinang ang kanilang kakayahan sa paglalaro ng basketbol

B. Maging sa mga batang nahihilig na rin sa pagbabasketbol

C. At pagdiriwang sa nalalapit na kapistahan ng aming pamanayanan

D. Upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat ng kalahok na makilala ang isa't isa

E. Kaya kayo po ang unang sumagi sa aming isipan na maging panauhing tagapagsalita sa pagbubukas ng liga.

B. Isaayos ang mga pahayag upang makabuo ng liham-paanyayang binubuo ng tatlong(3) talata.

1. Sana'y maibahagi rin ninyo sa amin ang mga kaalamang pinagsikapan ninyong matamo.

2. Hindi po lingid sa amin ang lawak ng inyong kaalaman tungkol sa iba't ibang paraan ng pagsugpo sa nakamamatay na Dengue.

3. Maglulunsad po ng isang proyekto tungkol sa pagsugpo sa Dungue ang sanggunian ng kabataan ng aming pamayanan bilang paghahanda na nalalapit na tag-ulan.

4. Gaganapin po ang paglulunsad ng proyekto sa plasa ng baranggay 373, Zone 38 sa Sta. Cruz Manila.

5. Ito po ang dahilan kung bakit nais namin kayong maging panauhing tagapagsalita.

Naisagawa mo ba nang maayos ang mga gawain. Tingnan mo kung tama ang iyong mga naging tugon. Hingin mong muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at iwasto mo ang iyong gawain.

**3. Subukin mo…**

Panuto : Piliin at isulat ang salitang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag. Ang pagpipilian ay nakatala sa ibaba.

1. Salita o katagang ginagamit sa pag-uugnay ng dalawang salita, parirala o kaisipan na pinagsunud-sunod sa pangungusap.

2. Mga impormasyong nararapat taglayin ng limang talata ng liham-paanyaya.

3. Ang nararapat na maging magkaugnay upang maging mabisa ang nilalaman ng isang liham-paanyaya.

4. Nararapat ipaalam sa panauhing tagapanayam upang maging tiyak ang impormasyong kanyang ibibigay sa mga tagapakinig at uri ng okasyong isasagawa.

5. Mga impormasyong nararapat taglayin ng ikalawang talata.

6. Apat na bagay na dapat isaalang-alang sa pagbuo ng ikalawang talata.

7. Tawag sa mga talatang bumubuo sa nilalaman ng liham.

8. Bagay na nararapat malaman ng tagapanayam upang di-siya maligaw sa kanyang pupuntahan.

9. Bagay na nararapat malaman ng tagapanayam upang di-siya mahuli sa okasyong dadaluhan
10. Nararapat ihanda kung may taong nais anyayahan upang maging tagapanayam.

| | | |
|---|---|---|
| dahilan,tema,pook/lugar,petsa,oras | oras | paksa kaisipan |
| tema, pook, petsa at oras | okasyon,gawain,samahan | talatan |
| lugar | liham-paanyaya | pangatnig |

Nahirapan ka ba? Alam kong hindi! Kunin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawain.

**4. Paunlarin mo…**

Kung ang iskor na iyong nakuha sa pagsubok ay walo (8) maaari mo nang simulan ang Aralin 2 subalit kung mababa rito ang iyong iskor, kailangan mo munang sagutin ang pagsasanay na inihanda ko para sa iyo.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto : Isulat at isaayos ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ang mga sumusunod na pahayag sa bawat bilang upang makabuo ng isang mabisang liham-paanyayang binubuo ng 3 talataan.

1. Hindi po kaila sa amin ang inyong kahusayan bilang guro sa Araling Panlipunan.

2. Sana'y mapaunlakan po ninyo ang aming paanyaya.

3. Ang pamunuan ng UNESCO club ay magsasagawa ng exhibit bilang pagdiriwang sa darating na History Week.

4. Ito po ang dahilan kung bakit nais namin kayong maging panauhing tagapanayam sa palatuntunang idaraos bago magsimula ang exhibit.

5. Gaganapin po to sa ika-10 ng Setyembre, 2004 sa Mataas na Paaralang Pang-Agham ng Maynila sa ganap na ika-10:00 ng umaga.

Naging madali ba para sa iyo ang pagsasaayos ng mga pahayag sa pagbuo ng isang liham? Alamin mo ang iyong iskor sa pamamagitan ng susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

# Aralin 2 : Paggamit ng Angkop na Kaalamang Gramatikal sa Pagsulat at mga Salitang Batay sa Bagong Tuntunin ng Alpabeto

## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nakabubuo ng pandiwang angkop sa isinasaad ng pahayag

2. Nakikilala ang angkop na pang-uri sa pagbuo ng pangungusap

3. Natutukoy ang tuntunin sa panghihiram ng mga banyagang salita

4. Nakikilala ang wastong gamit ng salita

## Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?

Madalas kahit di-nagmamadali na pagsulat ay nakagagawa tayo ng pagkakamali. Naranasan mo na bang matawa sa isang liham o sulating iyong ginawa? Sa anong dahilan? Marami bang mali o sadyang katawa-tawa ang nilalaman nito.

Subukin mong sagutin ang inihanda kong gawain para sa iyo upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman.

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng panaklong.

1. {Inanyayahan,Inaanyayahan} niya ang kanyang naging guro sa Filipino upang maging panauhing tagapagsalita sa kanilang palatuntunang isasagawa

2.{Dinaluhan,Dinadaluhan} ng maraming tagapakinig ang nasabing programa.

3. Batid namin ang {malaki,malawak}ninyong kaalaman sa paksa.

4. Ipinaabot po namin sa inyo ang isang {nakatutuwa,malugod} na pagbati.

5.Magsasagawa kami ng isang {simpleng,maliit na) pagdiriwang.

6.Ang katumbas ng salitang “north” sa Filipino ay (timog,kanluran).

7.Ang baybay ng “fixer” sa Filipino ay (fikser,ficzer).

8.Ang salitang “bouquet” kapag isinulat at ginamit sa Filipino ay magiging (bouquet,bokey)
.

9.Ikaw(rin,din) ay kailangang dumalo sa palatuntunang idaraos.

10.Dadalo ako (kung di,kundi) siya darating

Tingnan mo kung ilan ang iyong nakuhang iskor. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Hingin mo sa iyo guro ang susi sa pagwawasto.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

**1.Alamin mo…**

Naranasan mo na bang mag-anyaya ng panauhing tagapanayam sa pamamagitan ng liham? Paano mo ito isinulat?

Narito ang gabay upang matiyak na maayos ang pagkakabuo nito.

Panuto:Piliin sa ibaba ang salitang angkop sa bawat patlang.

1.Tiyaking ang _____ ng mga salita ay wasto.

2.Angkop dapat ang mga _____ ginagamit.

3.Maayos ang pagkakabuo ng mga_____.

4.Wasto ang _____ ng mga salita.

5.Madaling ______ ang mensaheng nais iparating.

Mga pagpipilian:

| | |
|---|---|
| Pangungusap | Salitang |
| Baybay | Gamit |
| Unawain | Mensahe |

Naging madali ba para sa iyo ang pagpupuno ng mga salita sa bawat patlang? Iwasto ang iyong mga sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Sa pagbuo ng mga pangungusap kailangang maging maingat sa paggamit ng mga pandiwa upang maging malinaw ang mensaheng nais iparating nito. Nakasalalay rito kung ang isang gawain ay natapos na kasalukuyang nagaganap o isasagawa pa lamang.

Ano nga ba ang pandiwa?

Ang pandiwa ay mga salitang nagpapakilos, nagbibigay- buhay sa isang lipon ng mga salita o pangungusap.

Halimbawang pangungusap:

<u>Naglunsad</u> ng palatuntunan ang aming paaralan.

Ang salitang naglunsad ay pandiwa sapagkat ito ay nagsasaad ng kilos o galaw.

May tatlong aspekto ang pandiwa. Ito ang naganap,nagaganap at magaganap.

<u>Naganap</u>-kapag tapos na ang pangyayari o kilos sa isinasaad
<u>Nagaganap</u>-kasalukuyang nangyayari
<u>Magaganap</u>-hindi pa nangyayari o isinasagawa ang kilos.

Mga halimbawa:

| *Anyong Pawatas* | *Naganap* | *Nagaganap* | *Magaganap* |
|---|---|---|---|
| Magsaliksik | nagsaliksik | nagsasaliksik | magsasaliksik |
| Tanggapin | tinanggap | tinatanggap | tatanggapin |
| Anyayahan | inanyayahan | inaanyayahan | aanyayahan |
| Sulatan | sinulatan | sinusulatan | susulatan |

Naunawaan mo ba ang mga paliwanag na inilahad ko? Subukin mong sagutin ang gawaing inihanda ko upang higit na mapaunlad ang iyong kaalaman.

Gawain 1: Pagkabuo ng Pandiwa

Panuto: Isulat ang pandiwang angkop sa bawat patlang**.**

1.Umaasa po kaming hindi ninyo(biguin)_____ ang aming paanyaya.

2.Isang malaking karangalan para sa aming samahan kung (tanggapin)_____ ninyo ang aming paanyaya.

3.(Asahan)_____ po namin ang maaga ninyong pagtugon.

4.Batid po naming ang malawak ninyong karanasan ay (makatulong)_____ nang malaki sa pagyabong ng aming isipan.

5.Ang pagpapaunlak ninyo sa aming paanyaya ay (tanawin)_____ naming malaking utang na loob.

6.”Pagkakaisa tungo sa kaunlaran” ang tema ng (isagawa)_____ naming palantuntunan.

7.Magiging lubos po ang aming kasayahan kung (dalo)_____ kayo.

8.(Matuwa) ang buong samahan nang tanggapin ninyo ang aming paanyaya.

9.(Imungkahi)_____ po kayo ng aming guro upang maging tagapanayam sa aming programa.

10.(Palawakin)_____ po ng mga kaalamang inyong ibabahagi ang aming mga kaisipan.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

Gawain 2: Pagkilala sa Angkop na Pang-uri.

Alam mo ba kung ano ang pang-uri?

Ang pang-uri ay mga salitang naglalarawan sa tao, bagay, pook, hayop o pangyayari.

Mga halimbawa ng pang-uri:

<u>Mahabang</u> karanasan
<u>Matalinong</u> mag-aaral
<u>Matiyagang</u> guro

Panuto:Piliin sa mga nasa loob ng kahon sa ibaba at isulat ang angkop na pang-uri sa bawat patlang.

1.Sadyang kahanga-hanga ang_____ ninyong kaalaman sa larangan ng agham at teknolohiya.

2.______ po ang inyong pangalan sa lahat ng pampublikong paaralan sa Maynila.

3.Lubos po naming pinasasalamatan ang _____ ninyong kalooban.

4.Kayo po ang magsisilbing inspirasyon namin sa pagkakamit ng ______ naming pangarap sa buhay.

5.Nawa'y magkaroon kayo ng panahong mapaunlakan ang aming paanyaya sa kabila ng______ ninyong iskedyul.

6.Tatanawin po naming______ utang na loob ang inyong pagdalo.

7.Ngayon pa lamang ay nakikinita ko na ang isang ______ na pagdiriwang.

8.Ang______ ninyong pagtugon ay labis naming pasasalamatan.

9.Tunay na dapat dakila ang isang______ tulad ninyo.

10.Tanggapin ninyo ang_______ puso naming pagpapasalamat.

| | | |
|---|---|---|
| kilala | matayog | malaking |
| malawak | bihasa | taos-puso |
| madalang | maagang | ginintuan |
| mahigpit | matagumpay | maingay |
| dakilain | marami | |

Gawain 3 : Pagtukoy sa mga Tuntunin ng Panghihiram ng mga Banyagang Salita

Alam mo na ba ang bagong tuntunin sa panghihiram ng mga banyagang salita? Nasasaklaw ito ng patnubay sa ispeling ng Wikang Filipino.

Narito ang ilang tuntunin:

1. Sundin ang mga sumusunod na lapit sa paghanap ng panumbas sa mga hiram na salita:

a. Gamitin ang kasalukuyang leksikon ng Filipino bilang panumbas sa mga salitang banyaga

Halimbawa:

| Hiram na salita | Filipino |
|---|---|
| Altitude | saloobin |
| Rule | tuntunin |
| Ability | kakayahan |

b. Kumuha ng mga salita mula sa iba't ibang katutubong wika ng bansa

Halimbawa:

| Hiram na salita | Filipino |
|---|---|
| Imagery | haraya (Tagalog) |
| Husband | bana (Hiligaynon) |
| Muslim priest | imam (Tausug) |

2.Gamitin ang mga letrang c,ñ,q,x,e,j,v,z kapag ang salita ay hiniram nang buo ayon sa mga sumusunod na kundisyon:

a.pantanging ngalan

| tao | lugar | gusali |
|---|---|---|
| Quirino | Caloocan | State condominium |
| John | Navotas | Ceneza building |
| Emma | Las Piñas | |

b. Salitang may iregular na ispeling o gumagamit ng dalawang letra o higit pa na hindi binibigkas o ang mga letra ay hindi katumbas ng tunog

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| Bouquet | sachet |
| Champagne | plateau |

Panuto: Iwasto ayon sa wastong pagkakabaybay sa Filipino

1. program = ____________________

2 .competition = ____________________

3. invitation =____________________

4. inauguration =____________________

5. theme =____________________

6. workshop =____________________

7. convocation =____________________

Isulat ang salin sa Filipino ng mga sumusunod na salita

1. guest speaker =____________________

2. interview =____________________

3 .skills =____________________

4. library =____________________

5. president =____________________

Paano mo isusulat ang mga sumusunod na salita?

1. manuel l. quezon University
2. cultural center of the Philippines
3. foundation day
4. science week
5. metro manila

Gawain 4: Pagkilala sa Wastong Gamit ng Salita

Panuto: Piliin ang wastong sagot sa loob ng panaklong.

1. Ikalulugod po(ng,nang)labis ng aming samahan kung mapauunlakan ninyo ang aming paanyaya.

2. (May,Mayroon) gaganaping paligsahang lalahukan ng mga mag-aaral mula una hanggang ikaapat na taon.

3. Magkakaroon(din,rin) ng munting salu-salo pagkatapos ng palatuntunan.

4. Nais naming(subukin,subukan)kung magiging epektibo ang ganitong uri ng pagtatanghal.

5.Magiging malaking kawalan para sa amin(kung di,kundi) kayo makadadalo.

6.Nais kong(paliwanagin,paliwanagan)mo sila tungkol sa mga tungkuling dapat nilang isagawa.

7.(Alisin,Alisan) mo sa kanilang isipan ang ugaling makasarili.

8.Sa halip na pagwawalang-bahala makabubuting(sundin,sundan) nila ang magagandang halimbawang iyong ipinakita.

Alamin mo ang iyong iskor upang malaman kung saang bahagi ka nagkaroon ng kamalian. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

**2. Lagumin mo…**

Gaano kaya ang iyong natutunan sa mga gawaing isinagawa mo.

Gusto mong malaman?

Sagutin ang gawaing aking inihanda para sa'yo.

Panuto:Isulat ang tinutukoy ng bawat pahayag

1.Ito ang nagbibigay-buhay o nagpapakilos sa isang lipon ng mga salita.

2.Tawag sa mga salitang naglalarawan sa tao,bagay,pook,hayop o pangyayari.

3.Aspekto ng pandiwang nagpapahayag ng gawaing di-pa natatapos.

4.Paggagamitan ng mga letrang c,q,x,e,j,z.

5.Salitang naaangkop sa mensaheng nais ipahayag ng pangungusap.

**3. Subukin mo…**

Piliin at isulat ang salitang angkop sa pangungusap.

1. ______ ko na bukas ang liham-paanyayang aking isinulat.

2. Tiyak na _____ niya ang aking paanyaya.

3. Hindi niya_____ ang ating munting kahilingang makapagbigay siya ng kaalaman tungkol sa pangaangalaga sa kalikasan.

4. Alam kong hindi makatatanggi ang_____ niyang puso.

5. Lubos na_____ ang kanyang pagkatao.

6. Isa siyang______ gurong di-marunong magkait ng tulong sa mga nangangailangan.

7. Magtanghal sila sa______

8. Alamin mo ang mga_____nararapat sundin sa pagsulat ng liham.

9. Natuwa siya_______marinig ang panayam ng tagapagsalita.

10.May natutunan______ ako sa mga sinabi niya.

Mga Pagpipilian:

| | |
|---|---|
| Ipadadala | butihin |
| Ipinadala | suliran |
| Paunlakan | kasaniba-sanba |
| Pauunlakan | kahanga-hanga |
| Natatangihan | uliran |
| Matatangihan | maawain |
| Stage | tuntunin |
| Steyg | rul |
| Ng | din |
| Nang | din |

**4. Paunlarin mo…**

Kung ang iskor na iyong nakuha sa pagsubok ay 8, maaari mo nang simulan ang susunod na aralin, subalit kung 7 pababa, kailangan mo munang sagutin ang pagsasanay na inihanda ko para sa iyo.

Maaari ka nang magsimula.


Panuto:Punan ng angkop na salitang matatagpuan sa ibaba ang bawat patlang sa upang mabuo ang kaisipan nito.

Sadyang__1__na gawain ang pag-aanyaya.Sinali ka makatitiyak kung__2__ ka ng taong inyong aanyayahan.Kung __3__ siya'y kailangang maghihintay ng pagkakataong maging maluwag ang kanyang kasagutan.At kung nais makatiyak, __5__ mo siyang muli.

Mga Pagpipilian:

| | | |
|---|---|---|
| mahirap | abala | tawagin |
| mahigpit | tuliro | tawagan |
| mapagbigyan | iskedyul | mapagbibigyan |
| schedule | | |

# *Aralin 3: Pagkilala sa mga Bahagi ng Kabuuan ng Liham at Pagbuo ng Liham-paanyaya*



## *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nakikilala ang bawat bahagi ng kabuuan ng Liham-panyaya

2. Nakapagbibigay reaksyon sa mga piling halimbawa bilang gabay sa pagsulat

3. Nakabubuo ng isang liham-paanyayang isinaayos

4. Naiisa-isa ang mga katangiang dapat taglayin ng isang liham

## *Anu-ano na ang tiyak na alam mo?*

Gaano na ba ang iyong nalalaman tungkol sa mga bahagi ng liham-paanyaya? Alam mo ba ang tawag sa bawat bahagi nito?

Subukin mong sagutin ang gawain sa ibaba upang malaman mo kung gaano na nga kalawak ang iyong kaalaman.

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang bahagi ng liham na isinasaad na nasa Hanay A.

| | |
|---|---|
| 1. Lubos na gumagalang at nagpapasalamat, | A. Petsa ng pagkakasulat |
| 2. Dr. Virginia P. Ganir<br>Dean, College of Education<br>Manuel L. Quezon University<br>Hidalgo, Quiapo, Manila | B.Lagda<br><br>C.Pamuhatan |
| 3. Magsasagawa po ng seminar-workshop ang samahan ng Gabay ng Wika | D. Bating pangwakas<br><br>E. Patutunguhan |
| 4. Josephine Emma A. Reyes | F.Bating panimula |
| 5. Mahal na Dr. Ganir: | G. Nilalaman |
| 6. Agosto 25, 2004 | |

Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit?

Kung gayon, may alam ka na pala sa mga bahagi ng liham-paanyaya. Binabati kita sa pangyayaring iyan. Tutulungan na lamang kitang paunlarin at payamanin ito, kung nahirapan ka naman sa pagsusulit, matutulungan ka nang mga gawaing inihanda ko.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Kung susulat ka ng liham-paanyaya ngayon, alam mo ba kung ano ang mga impormasyong nararapat isulat sa bawat bahagi ng liham?

Sagutin ng Oo o Hindi ang mga sumusunod na pahayag sa bawat bilang.

1. Petsa ang unang isinusulat sa liham-paanyaya.

2. Ang lagda ay para sa taong aanyayahan.

3. Kasunod ng pangalan ng tagapanayam ang katungkulan at tanggapang pinaglilingkuran.

4. Sa nilalaman matatagpuan ang paghingi ng paumanhin ng tagapanayam kung bakit di siya makadadalo.

5. Sa bating pang wakas matatagpuan ang pangalan ng tagapanayam.

Nasagot mo ba nang tama ang lahat ng katanungan? Kung Oo ang iyang sagot, maaari mo nang simulan ang gawain! Kung hindi pag-aralan mong mabuti kung bakit ka nagkamali upang malaman kung bakit iyon ang naging sagot.
Gawain 1 : Pagkilala sa Bawat Bahagi ng Kabuuan ng Liham-paanyaya.

Panuto: Punan ng tamang impormasyong makikita sa ibaba ang bawat patlang sa bahagi ng liham.

________1_________

Bb. Imelda V. Animoza
____2____, Kagawaran ng Filipino
P.Gomez Elementary School
_____3_____, Maynila

______4______:

Ang Kagawaran ng Filipino ang siyang mamamahala na buwanang pulong ng mga guro ng aming paaralan.

Hindi po kaila sa amin ang inyong kahusayan sa pagbibigay ng mga panayam tungkol sa iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. ___________________5__________________
Ang tema po ng nabanggit na pulong ay "Strategies Through Effective Teachings." Ito po ay gaganapin sa _______6______. Sa ika-__7__ sa ganap na ______.

Umaasa po kaming hindi ninyo bibiguin ang aming paanyaya.

_________8__________.

______9______,

Gennady Alegre
_____10,______

1. Bulwagan ng Ramon Magsaysay High School

2. Sana po'y matanggap namin nang maaga ang inyong katugunan.

3. Pangulo, Filipino Club

4. ika- 8:00 ng umaga

5. ika- 30 ng Agosto, 2004

6. Ito po ang dahilan kung bakit kayo ang napili naming maging panauhing tagapagbalita

7. Agosto 5, 2004

8. Tagamasid

9. Sta. Cruz

10. Mahal na Bb. Animoza

Gawain 2: Pagbibigay-reaksyon sa mga Halimbawa Bilang Gabay sa Pagsulat.

Panuto: Basahin ang halimbawang liham-paanyaya. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

Setyembre 10, 2004

Gng. Elizabeth dela Cruz
Tagamasid, Kagawaran ng Agham
Manila Science High School
Cor.P.Faura,Taft Ave., Manila

Magsasagawa po ng palatuntunan bilang pangwakas na gawain ang Knights of Science ng aming paaralan bilang pagdiriwang sa Buwan ng Agham.

Batid po namin ang lawak ng inyong kaalaman at haba ng karanasan bilang tagamasid sa Agham. Ito po ang dahilan kung bakit nais namin kayong anyayahang maging panauhing tagapagsalita. Ang tema po ng nabanggit na palatuntunan ay "Reaching Greater Heights Through Science." Ito po ay gaganapin sa conference room ng aming paaralan sa ika- 30 ng Setyembre, 2004 sa ganap na ika - 8:00 ng umaga.

Umaasa po kaming hindi ninyo bibiguin ang aming paanyaya.

Gumagalang at Nagpapasalamat,

Dolly Reyes

Pangulo, Knights of Science

Pagkatapos mong mabasa ang kabuuan ng liham, sagutin mo ngayon ang mga sumusunod na katanungan.

Panuto: Isulat ang Simbulong ♡ kung ang liham ay tumutugon sa isinasaad ng pahayag at ☼ kung hindi.

1. Ginamitan ng angkop na bantas ang liham.

2. Ibinukod ang mga paksa sa pamamagitan ng mga talata.

3. Ibinigay ang mahahalagang detalye tulad ng paksa, petsa, lugar at okasyon.

4. Ginamitan ng palugit ang magkabilang gilid.

5. Ginamitan ng magagalang na salita, kataga o pahayag.

6. Maligoy ang mga pahayag na ginamit.

7. Hindi gaanong malinaw ang layunin sa pag-aanyaya.

8. May himig pagmamakaawa ang nilalaman ng liham

Gawain 3: Pagbuo ng isang liham-paanyayang sinaayos.

Bago mo sagutin ang gawaing inihanda ko para sa iyo, nais kong ipabatid sa iyo ang mga bagay / kaalamang nararapat isaalang-alang sa pagsulat ng liham-paanyaya upang maisaayos ang lahat ng impormasyong nararapat isulat.

Narito ang balangkas at mga impormasyong nararapat isulat sa bawat bahagi ng isang liham-paanyaya.

_____Petsa_____

Pangalan ng taong aanyayahan
Katungkulan, kagawarang kinabibilangan
___Tanggapan___
pook / lugar, bayan

__Bating panimula__:

________samahang kinaaaniban , pagdiriwang /_____________
________gawaing idaraos , at okasyon_____________________

_____ Dahilan kung bakit pinili ang___________ ___
________tagapanayam , tema ng okasyon ,_________________
________pook / lugar na pagdarausan petsa at oras _________

________paghingi ng katugunan sa paanyayang_____________
________ipinadala_at kapakinabangang maaaring___________
_________ matamo sa panayam___________________________

Pangalan ng sumulat,

Katungkulan, samahang kinaaaniban

Ngayong nabatid mo na ang mga impormasyong nararapat isulat sa bawat bahagi, tiyak na magiging madali sa iyo ang pagsagot sa gawaing aking inihanda.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Punan ng wastong impormasyon ang balangkas upang mabuo ang isang liham-paanyaya sa isang panauhing tagapanayam. Gamitin ang mga datos na ibinigay sa ibaba.

_____________

_____________
_____________
_____________
_____________

__________________________________________________________________________
_______________________________________________

_____________________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________________________
_____________________

_____________________________________________________________________________________
__________________________________

______________,
______________

Mga datos

| |
|---|
| Agosto 13, 2004<br>Bb. Gloria Alday<br>Supervisior II, Filipino Department<br>Dep Ed, NCR<br>Misamis St., Bago Bantay, Quezon City<br>Gumagalang at nagpapasalamat,<br>Emma A. Reyes<br>Pangulo, SAMANA-FIL<br>Mahal na Bb. Alday<br>Makatutulong po nang malaki sa mga bagong guro ang mga kaalamang inyong ibabahagi<br>Sana'y mapaunlaran ninyo ang aming paanyaya.<br>Hindi po kaila sa amin ang malawak ninyong kaalaman at karanasan bilang tagamasid sa Filipino.<br>Maglulunsad po ng isang seminar-workshop ang kagawaran ng Filipino para sa mga guro ng Dibisyon ng Maynila. Ang tema po ng nabanggit na seminar-workshop ay "Wika, Tagapagbuklod ng Damdami't Diwa."<br>Ito po ay gaganapin sa silid-aklatan ng mataas na paaralang Araullo sa ika- 20 ng Mayo, 2004 sa ganap na ika- 8:00 ng umaga. |

Gawain 4: Pag-iisa-isa sa mga Katangiang Dapat Taglayin ng Isang Liham-Paanyaya.

Panuto: Isulat ang mukhang nakangiti ☺ sa patlang sa unahan ng bilang kung ang isinasaad ng pahayag ay isang katanggap-tanggap na katangiang dapat taglayin ng isang liham-paanyaya ☹ at mukhang nakasimangot naman kung hindi katanggap-tanggap.

1. Bata o matanda man ang aanyayahan, nararapat na may paggalang at pagpakumbaba ang pagsulat ng komunikasyon.

2. Tiyaking malinis at maayos ang kabuuan ng liham.

3. Detalyadong nakasulat ang paksa / tema ng okasyon, lugar at oras upang maging malinaw sa taong aanyayahan.

4. Tiyak ang mga detalye sa patutunguhan.

5. Ginamitan ng matatalinghagang pahayag upang mapahanga ang aanyayahan.

Nasagot mo kaya nang tama ang isinasaad ng lahat ng bilang? Upang makatiyak, hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto at itama ang iyong sagot.

**2. Lagumin mo…**

Matapos mong sagutin ang Gawain 1 hanggang 4, susubukin ng inihanda kong gawain kung naging mabisa ba ang mga kaalamang iyong pinag-aralan.

Handa ka na ba?

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na bilang.

1. Sa bahaging ito matatagpuan ang pangalan ng aanyayahan at tanggapang kanyang pinaglilingkuran.

2. Ang unang impormasyong isinulat sa liham-paanyaya. Matatagpuan ito sa dakong itaas.

3. Ito ang nasusulat bago ang pangalan ng nag-aanyaya.

4. Tawag sa espasyo sa magkabilang gilid ng papel. 1½ pulgada sa kaliwa at 1 sa kanan.

5. Bantas na ginagamit pagkatapos ng pangalan ng aanyayahan sa bating panimula.

6. Bantas na ginagamit sa bating pangwakas.

7. Bantas na ginagamit sa paghihiwalay ng bayan/pook at siyudad.

8. Katangian ng liham na di-kakikitaan ng anumang gusot o dumi.

Tama kaya ang lahat ng iyong kasagutan? Iwasto ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

**3. Subukin mo…**

Subukin mo kung gaano na ang iyong natutunan sa mga gawaing sinagot mo.

Panuto: Isaayos ang mga impormasyong sumusunod upang makabuo ng isang maayos na liham-paanyaya.

Isaalang-alang ang mga bantas, palugit, pagtatalata, baybay at kaisahan ng mga kaisipan.

Agosto 7, 2004
Education Specialist II for Filipino
Bureau of Secondary Education Department
EVANGELINA CALINISAN
Meralco Avenue, Pasig City
Mahal na Gng. Calinisan
Magtataguyod ng isang seminar-workshop ang Kapisanan ng mga Guro sa Filipino bilang pagdiriwang sa Buwan ng Wika.

Gumagalang at nagpapasalamat
Segundina Dela Cruz.
Pangulo, K A G U F I L
Batid po namin ang inyong kasanayan at kahandaang talakayin ang nabanggit na paksa

Ang nasabi pong gawain ay gaganapin sa bulwagan ng Ramon Magsaysay High School sa ika- 30 ng Agosto, 2004 sa ganap na ika-9:00 ng umaga.

Batid po namin ang inyong kasanayan at kahandaang talakayin ang nabanggit na paksa.

Umaasa po kaming hindi ninyo bibiguin ang aming paanyaya. Sana po ay matanggap namin ang isang naagapang tugon upang mapaghandaan naming mabuti ang nasabing gawain.

Dahil dito nais po namin kayong maging panauhing tagapanayam.

Ang paksa po na nabanggit na seminar-workshop ay "Wikang Filipino, Pagyamanin at Palaganapin."

4. **Paunlarin mo…**

Kung naisulat mo nang wato at maayos ang liham-paanyaya, nangangahulugang sanay na sanay ka na sa pagsulat ng uri ng liham na ito. Binabati kita! Subalit kung mayroon ka mang pagkakamali, huwag mag-alala. Maaaring nakalimutan mo lang ang ilang bahagi. Bibigyan kita ng ng karagdagang pagsasanay upang makabawi ka. Pag-aralan mo munang mabuti ang mga kamaliang iyong nagawa upang ito'y maitama na.

Maari mo nang simulan ang pagsagot.

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang maayos na liham – paanyaya.

Dr. Visitacion B Cresostomo
Dean, Department of Engineering

Manuel L. Quezon University
Quiapo, Manila

Nobyembre 5, 2004

Sadyang hindi mapasusubalian ang inyong kagalingan sa larangan ng Estadistika.

Magsasagawa po ng isang panayam ang Math Club ng aming paaralan bilang pagdiriwang sa statistics Monta.

Isang malaking karangalan para sa amin ang kayo'y anyayahan bilang panauhing tagapagsalita.

Ang pagpapaunlak ninyo sa aming paanyaya ay tatanungin naming malaking utang na loob.
Lubos na gumagalang,

Sana po'y matanggap namin ang maagap na pagtugon mula sa inyong tanggapan.

Rizalina Polison
Pangulo, Math Club

Ang tema po ng nasabing panayam ay "Estadistika Tugon sa Maayos na Pamamahala."

Hindi po kaila sa amin ang inyong kahusayan sa larangan ng estadestika.

Ito po ay gaganapin sa conference room ng Far Eastern University sa ika- 20 ng Nobyembre, 2004 sa ganap na ika- 8:00 ng umaga.

## *Gaano Ka Na Kahusay?*

Pagkatapos mong mapag-aralan ang tatlong (3) aralin sa modyul na ito at masagot ang mga gawain, ang pangwakas na pagsusulit na ito na siyang kabuuan ng lahat ng inyong napag-aralan ay siyang sumukat kung gaano ang kaalamang iyong natamo.

Pagbutihin at pag-isipan mong mabuti ang iyong pagsagot upang matiyak na makakukuha ka ng mataas na marka.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon. Lagyan ng kaukulang bantas ang mga patlang at iwasto ang baybay ng mga may salungguhit.

Tiyak na makatutulong nang malaki para sa aming mag-aaral ang mga kaalamang inyong ibabahagi. Sana po ay mapaunlakan ninyo ang aming paanyaya sa kabila ng pagiging abala ninyo sa inyong mga gawain.

Ang tema po ng nabanggit na seminar ay "Paghahanda sa mga Kabataan sa Pamumuno Tungo sa Mabuting Pamamahala at Matatag na Kinabukasan"

Jay Anthony Morales
Pangulo___ Junior Assembly

Gaganapin po ito (palatuntunan) sa ika _____ 20 ng Oktubre, 2004 sa Awditoryum ng aming paaralan sa ganap na ika - 8:00 ng umaga.

Lubos na gumagalang at nagpapasalamat _______.

G. _____ Julian Perez
Tagamasid, Kag. ng MAPEH
P. Gomez Elementary School
Sta. Cruz, Manila

Magsasagawa po ng isang seminar ang Junior Assembly ng aming paaralan.

Mahal na G. Perez ________

Batid po namin ang lawak ng inyong kakayahan at kasanayan sa pagsasagawa ng iba't ibang panayam tungkol sa pagsasanay sa mga kabataan upang maging mabuting pinuno.

Oktubre 5, 2004

Ito po ang dahilan kung bakit kayo ang napili naming maging panauhing tagapanayam.

Unang Markahan Modyul Bilang 5
Susi sa Pagwawasto

Aralin 1

Anu-ano Na Ba Ang Alam Mo?

Agosto 10, 2004

Dr. Fely Castillo:
Professor, Department of Graduate Studies
Manuel L. Quezon University
Hidalgo, Quiapo, Manila

Mahal na Dr. Castillo:

Magsasagawa po ng seminar ang kapisanan ng Diwa at Panitik bilang paggunita sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

Batid po namin ang inyong kasanayan at kaalaman sa nabanggit na paksa. Nais po sana namin kayong anyayahan bilang panauhing tagapagsalita. Ang tema po ng nabanggit na seminar "Wikang Filipino, Paunlarin, Wikang Ingles, Pabutihin at Wikang Bernakular, Pagyamanin." Gaganapin po ang nasabing gawain sa Agosto 20, 2004 sa bulwagan ng G. Perfecto High School sa ganap na ika-8:00n.u. – 4:00 ng hapon.

Umaasa po kaming hindi ninyo bibiguin ang aming paanyaya. Inaasahan po namin ang maaga ninyong pagtugon sa aming paanyaya.

Jesus A. Alegre

Pangulo, diwa at Panitik

Susi sa Pagwawasto

A. Anu-ano Na Ang Tiyak Na Alam Mo?

1. √
2. √
3. √
4. √
5. X
6. √
7. √
8 X
9. X
10. √

B. Mga Gawain sa Pagkatuto

1. ☆
2. ☆
3. ○
4. ☆
5. ☆

Gawain 1: Pag-uugnay ng mga Kaisipan

1. ng isang konbokasyong pangwika bilang paggunita sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Sa Agosto 28, 2004 sa bulwagan ng aming paaralan sa ganap na ika-1:00 hanggang ika-4:00 ng hapon.

3. at kahandaang talakayin ang nabanggit na paksa.

4. na paanyaya at sana po ay matanggap namin ang isang maagang pagtugon mula sa inyong tanggapan.

5. an gaming paanyayang kayo ay aming panauhing tagapanayam.

Gawain 2: Pag-ugnay ng kaisipan sa pamamgitan ng pangatnig

1. dahil dito
2. upang
3. at
4. pati
5. sapgkat
6. kung
7. nang

Gawain 3: Pag-alam sa Bahagi ng Nilalaman ng Liham-paanyaya

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. b |
| 2. b | 7. c |
| 3. b | 8. b |
| 4. c | 9. b |
| 5. a | 10. b |

Gawain A: Paghahanay ng mga Kaisipan

Kayo po ang napili naming maging tagapanayam dahil sa malawak at mahaba ninyong karansan bilang Kalihim ng Department of Science and Technology. Ang paksa po ng nabaggit na seminar-workshop ay "Pagreresiklo ng mga Patapong Bagay." Gaganapin po ang seminar sa silid-panayaman ng aming paaralan sa ika-10 ng Oktubre, 2004. Magsisimula po ang gawain sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

Batid po naming makatutulong nang malaki sa tulad naming mag-aaral ang kaalamang inyong ibabahagi.

Lagumin mo…

A.

1. c
2. e
3. d

4. a
5. b

B.

Maglulunsad po ng isang proyekto tungkol sa pagsugpo sa dengue ang Sanggunian ng Kabataan sa aming pamayanan bilang paghahanda sa nalalapit na tag-ulan.

Hindi po lingid sa amin ang lawak ng iyong kaalaman tungkol sa iba't ibang paraan ng pagsugpo sa nakakamatay na dengue. Ito po ang dahilan kung bakit nais namin kayong maging panauhing tagapagsalita. Gaganapin po ang paglulunsad ng proyekto sa plasa ng Barangay 373 sa Sta. Cruz, Maynila.

Sana'y maibahagi rin ninyo sa amin ang mga kaalamang pinagsikapan ninyong matamo.

Subukin mo…

1. pangatnig
2. okasyon, gawain, samahan
3. kaisipan
4. paksa
5. dahilan, tema, pook/lugar, petsa, oras
6. tema, pook, petsa at oras
7. talataan
8. lugar
9. oras
10. liham-paanyaya

Paunlarin mo…

Ang pamunuan ng UNESCO Club ay magsasagawa ng exhibit bilang pagdiriwang sa darating na History Week.

Hindi po kaila sa amin ang iyong kahusayan bilang guro sa Araling Panlipunan. Ito po ang dahilan kung bakit nais namin kayong maging panauhing tagapanayam sa palatuntunang idaraos bago magsimula ang exhibit. Gaganapin po to sa ika-10 ng Setyembre, 2004 sa Mataas na Paaralang Pang-agham ng Maynila sa ganap na ika-10:00 ng umaga.

Sana'y mapaunlakan po ninyo ang aming paanyaya.

Aralin 2

Anu-ano na ang tiyak na alam mo

1. Inanyayahan
2. Dinaluhan

3. malawak
4. malugod
5. simpleng
6. kanluran
7. Fikser
8. Bouquet
9. rin
10. kung di

Mga Gawain sa Pagkatuto

Alamin mo…

1. baybay
2. salitang
3. pangungusap
4. gamit
5. unawain

Gawain 1: Pagbuo ng pandiwa

1. bibiguin
2. tatanggapin
3. aasahan
4. makatutulong
5. tatanawin
6. isasagawa
7. dadalo
8. natuwa
9. iminungkahi
10. Palalawakin

Gawain 2: Pagkilala sa angkop na Pang-uri

1. malawak
2. kilala
3. ginintuan
4. matayog
5. mahigpit
6. workshop
7. kombokasyon

Gawain 3: Isulat ang salin sa Filipino

1. panauhing tagapagsalita
2. panayam
3. kasanayan
4. silid-aklatan
5. pangulo

Paano mo Isusulat ang mga sumusunod na Salita?

1. Manuel L. Qeuzon University
2. Cultural Center of the Philippines
3. Foundation Day
4. Science Week
5. Metro Manila

Gawain 4: Pagkilala sa wastong Gamit ng Salita

1. nang
2. May
3. din
4. subukin
5. kung di
6. paliwanagan
7. Alisin
8. sundan

Lagumin mo

1. pandiwa
2. pang-uri
3. nagaganap
4. pantanging ngalan at salitang may irregular na ispeling o gumagamit ng 2 letra o higit pa na hindi binigkas o ang mga letra ay hindi katumbas ng tunog
5. wastong gamit

Subukin mo

1. Ipadala
2. pauunlakan
3. matatanggihan
4. butihin
5. kahanga-hanga
6. uliran
7. stage
8. tuntunin
9. nang
10. din

Paunlarin mo

1. mahirap
2. mapagbibigyan
3. abala
4. iskedyul
5. tawagan

Aralin 3

A. Anu-ano na ang tiyak na Alam mo?

1. bating pangwakas
2. patutunguhan
3. nilalaman
4. lagda
5. bating panimula
6. petsa ng pagkakasulat

B. Mga Gawain sa Pagkatuto

Alamin mo:

1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Hindi
5. Hindi

Gawain 1: Pagkilala sa Bawat Bahagi ng Kabuuan ng Liham-paanyaya

1. Agosto 5, 2004
2. tagamasid
3. Sta. Cruz
4. Mahal na Bb. Animoza
5. Ito po ang dahilan kung bakit kayo ang napili naming maging panauhing tagapagsalita
6. bulwagan ng Ramon Magsaysay High School
7. ika-30 ng Agosto, 2004
   ika 8:00 ng unaga
8. Sana po'y matanggap naming nang maaga ang iyong katugunan
9. Lubos na gumagalang
10. Pangulo, Filipino Club

Gawain 2: Pagbibigay-reaksyon sa mga Halimbawa
Bilang Gabay sa Pagsulat

| | |
|---|---|
| 1. ♡ | 5. ♡ |
| 2. ♡ | 6. ✡ |
| 3. ♡ | 7. ✡ |
| 4. ♡ | 8. ✡ |

Gawain 3: Pagbuo ng Isang Liham-Isinaayos

Agosto 13, 2004

Bb. Gloria Alday
Supervisor II, Filipino Deaprtment
Dep-Ed, NCR
Misamis St., Bagong Bantay, Quezon City

Mahal na Bb. Alday:

Maglulunsad po ng isang seminar-workshop ang Kagawaran ng Filipino para sa mga guro ng Dibisyon ng Maynila.

Hindi po kaila sa amin ang malawak ninyong kaalaman bilang tagamasid sa Filipino. Ang tema po ng nabanggit na seminar ay "Wika, Tagapagbuklod ng Damdamin't Diwa." Ito po'y gaganapin sa silid-aklatan ng Mataas na Paaralang Araullo sa ika-20 ng Mayo, 2004 sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

Makakatulong po nang malaki sa mga bagong guro ang mga kaalamang inyong ibabahagi.

Sana'y mapaunlakan po ninyo ang aming paanyaya.

Gawin 4: Pag-iisa-isa sa mga Katangiang Dapat Taglayin ng Isang Liham-paanyaya

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☹

Lagumin mo

1. patutunguhan
2. petsa
3. bating pangwaakas
4. palugit
5. tutuldok ( : )
6. kuwit (, )
7. kuwit (, )
8. maayos o malinis

Subukin mo

Agost 7, 2001

Gng. Evangelina Calinisan
Education Specialist II for Filipino
Bureau of Secondary Education
Meralco Avenue, Pasig City

Mahal na Gng. Calinisan:

Magtataguyod ng isang seminar-workshop ang Kapisanan ng mga Guro sa Filipino bilang pagdiriwang sa Buwan ng Wika.

Batid po namin ang inyong kasanayan at kahandaang talakayin ang nabanggit na paksa.
Dahil dito, nais po namin kayong maging panauhing tagapanayam. Ang paksa po ng nabanggit na seminar-workshop ay "Wikang Filipino, Pagyamanin at Palaganapin." Ang

nasabi pong gawain ay gaganapin sa bulwagan ng Ramon Magsaysay sa ika-30 ng Agosto, 2004 sa ganap na ika-9:00 ng umaga.

Umaasa po kaming hindi ninyo bibiguin ang aming paanyaya. Sana po ay matanggap namin ang isang maagap na tugon upang mapaghandaan naming mabuti ang nasabing Gawain.

Gumagalang at nagpapasalamat,

Segundina dela Cruz
Pangulo, KAGUFI

Paunlarin mo…

Nobyembre 5, 2001

Dr. Visitation B. Cresostomo
Dean, Department of Engineering
Manuel L. Quezon University
Quiapo, Manila

Mahal na Dr. Crisostomo:

Magsasagawa po ng isang panayam ang Math Club ng aming paaralan bilang pagdiriwang sa Statistics Month.

Hindi po kaila sa amin ang inyong kahusayan sa larangan ng estadistika. Sadyang hindi mapasusubalian ang inyong kagalingan sa larangang ito. Isang malaking karangalan para sa min ang kayo'y anyayahan bilang panauhing tagapagsalita. Ang tema po ng nasabing panayam ay "Estadistika, Tugon sa Maayos na Pamamahala." Ito po ay gaganapin sa conference room ng Far Eastern University sa ika-22 ng Nobyembre, sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

Ang pagpapunlak ninyo sa aming paanyaya ay tatanawin naming malaking utang na loob. Sana po'y matanggap namin ang maagap na pagtugon mula sa inyong tanggapan.

Lubos na gumagalang,

Rizalina Polison
Pangulo, Math Club

Gaano Ka na Kahusay

Oktubre 5, 2004

G. Julian Perez
Tagamasid, Kagawaran ng MAPEH
P. Gomez Elementary School
Sta. Cruz, Maynila

Mahal na G. Perez:

Magsasagawa po ng isang seminar ang Junior Assembly ng aming paaralan.

Batid po namin ang lawak ng inyong kakayahan at kasanayan sa pagsasagawa ng iba't ibang panayam tungkol sa pagsasanay sa mga kabataan upang maging mabuting pinuno. Ito po ang dahilan kung bakit kayo ang napili naming maging panauhing tagapanayam. Ang tema po ng nabanggit na seminar ay "Paghahanda sa mga Kabataan Tungo sa Mabuting Pamamahala at Matatag na Kinabukasan." Gaganapin po ito sa ika-20 ng Oktubre, 2004 sa awditoryum ng aming paaralan sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

Tiyak na makatutulong nang malaki para sa aming mag-aaral ang mga kaalamang inyong ibabahagi. Sana po ay mapaunlakan ninyo ang aming paanyaya sa kabila ng pagiging abala ninyo sa inyong mga gawain.

Lubos na gumagalang at nagpapasalamat,

Jay Anthony Morales
Pangulo, Junior Assembly

Unang Markahan Modyul Bilang 5

| | Kasanayan | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pagsasalita | Pagbasa | Pagsulat | Pamagat |
| | Nakabuuo ng isang mabisang pahayag sa pamamagitan ng pag-uugnay-ugnay ng isang kaisipan sa kapwa kaisipan.<br><br>Nakapag-uugnay ng kaisipan sa tulong ng mga pangatnig.<br><br>Nakapaghahanay-hanay sa magkaka-ugnay na kaisipan.<br><br>Nakapagbibigay-reaksyon sa mga piling halimbawa bilang gabay sa pagsulat. | Natutukoy ang mga nilalamang kaisipan ng bawat talata ng isang liham-paanyaya. | Nakabubuo ng isang liham-paanyayan g isinaayos. | Liham-paanyaya sa isang Panauhing Tagapanayam |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Na-iisa-isa ang mga katangiang dapat taglayin ng isang liham.<br><br>Nakikilala ang angkop na pang-uri sa pagbuo ng pangungusap.<br><br>Nakikilala ang wastong gamit ng salita<br>Nakabubuo ng pandiwang angkop sa isinasaad ng pahayag.<br><br>Natutukoy ang tuntunin sa panghihiram ng mga banyagang salita.<br><br>Nakikilala ang bawat bahagi ng kabuuan ng liham-paanyaya. | | | |